Vol.17 Tagalog

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation




2021.6

## Nai-publish na namin ang “Gabay sa Buhay 2021 (Bersyon sa banyagang wika)”

Para sa karagdagang impormasyon


Nai-publish na namin ang buklet ng impormasyon para sa mga dayuhang residente na naninirahan sa Ota City. Puno ito ng mga kapaki-pakinabang na impormasyon sa pang-araw-araw na buhay. Ito ay ipinamamamahagi nang libre.

| | |
|---|---|
| Pinublish sa Wika (6 na wika) | Ingles, Intsik, Tagalog, Nepali, Vietnamese, Madaling Hapon |
| Lugar kung saan Pinamamahagi | Household Residents Registry Division (Unang palapag sa Ota City Office), Branch Office (18 lugar), Global City Ota Cooperation Association Multilingual Consultation Desk, atbp. |




## Ipinakilala namin ang Telephone Interpreting Service

Nagbibigay ng iba’t ibang uri ng suporta at tumutugon sa mga katanungan ng mga dayuhang residente na nahihirapan sa pagbisita sa tanggapan dahil sa impeksyon ng COVID-19, atbp. Sa Telephone Interpreting Service, maaaring magsagawa ng interpretasyon sa telepono sa pamamagitan ng 3-party call sa kagawaran na namamahala sa pamamagitan ng operator ng interpretasyon.




**Nakatuon na Numero ng Ota City Telephone Interpreting Service**

☎ 050-3159-9993 *Babayaran ng tumatawag ang singil sa pagtawag

**Oras na Tumutugon**

Weekdays 9:00 am-5:00 pm

**Tumutugon naKagawaran**

Kagawaran sa pangunahing gusali ng pamahalaan ng Ota City Office

**Tumutugon sa Wikang (13 wika)**

Ingles, Intsik, Nepali, Vietnamese, Tagalog, Hindi, Hangul, Thai, Espanyol, Portuguese, French, Russian, Indonesian

Para sa karagdagang impormasyon

| | |
|---|---|
| Makipag-ugnay sa | Internationalization and Multiculturalism Promotion Division<br>☎ 03-5744-1227<br>FAX 03-5744-1323 |

# Allowance para sa bata  Gabay sa pagsumite ng current status report at buwan ng pagbabayad

## Tungkol sa pagsumite ng current status report

Upang patuloy na makakuha ng allowance para sa bata at espesyal na allowance para sa buwan ng Hunyo at sumusunod na buwan, kinakailangan magsumite ng current status report. Magpapadala kami ng mga papeles sa unang bahagi ng Hunyo sa mga maaaring makatanggap. Mangyaring i-sumite sa pamamagitan ng koreo o elektronikong aplikasyon (Pittari Service) hanggang sa katapusan ng Hunyo. Gayundin, mangyaring tandan na hindi ito tinatanggap sa mga Branch Office.

**Paano mag-apply**

**(1) Kung sa pamamagitan ng koreo**
Mangyaring ilakip ito sa sobreng nakalaan para sa pagtugon (at mangyaring dikitan din ng stamp ang sobre).

**(2) Kung sa pamamagitan ng elektronikong aplikasyon**
Mangyaring i-search ang “大田区ぴったりサービス(Ota City Pittari Service)” sa online, at mag-apply gamit ang link para sa aplikasyon sa aplikasyon at pangalan ng ulat “current status report” mula sa listahan ng pamamaraan.

## Petsa ng pag-deposit para sa Hunyo

Ide-deposit sa Hunyo 9 ang allowance para sa Pebrero hanggang Mayo 2021.
*Maaaring mahuli ng 2-3 araw ang pagpapadala ng pera depende sa institusyong pampinansyal.

**Allowance para sa bata (Para sa mga kumikita ng mas mababa pa sa itinakdang kita)**

| Kategorya ng edad | Halaga ng pagbabayad (buwanang halaga) |
|---|---|
| Mababa sa 3 taong gulang (lahat) | 15,000 yen kada buwan |
| 3 taong gulang o pataas bago makumpleto ang elementarya (Una at ikalawang anak) | 10,000 yen kada buwan |
| 3 taong gulang o pataas bago makumpleto ang elementarya (Ikatlo o pagkatapos na anak) | 15,000 yen kada buwan |
| Estudyante sa junior high school (Hanggang unang Marso 31 matapos ang kanilang ika-15 na kaarawan) (lahat) | 10,000 yen kada buwan |

*Mula sa mga batang wala pang 18 taong gulang (Hanggang unang Marso 31 matapos ang kanilang ika-18 kaarawan) ay bibilangin bilang unang anak.

**Espesyal na allowance (Para sa mga kumikita ng mas mataas pa sa itinakdang kita)**
Walang kategorya ng edad (lahat) …5,000 yen kada buwan

**Mag-apply (makipag-ugnay) sa**

Medical Care for Children Childcare Support Division
☎ 03-5744-1275  FAX 03-5744-1525  E-mail t-kod-ko@city.ota.tokyo.jp

# Mag-apply para sa pagkuha ng katayuan ng paninirahan kapag ipinanganak ang inyong sanggol

Ang mga anak ng mga dayuhang nasyonalidad na ipinanganak sa Japan ay maaaring manatili sa loob ng 60 araw nang walang katayuan ng paninirahan, ngunit kapag mananatili sa Japan ng higit sa 60 araw, mangyaring mag-apply para sa katayuan ng paninirahan sa Tokyo Regional Immigration Bureau sa loob ng 30 araw mula sa kanilang kaarawan.

**Lugar na tumatanggap**
Tokyo Regional Immigration Bureau
5-5-30 Konan, Minato-ku, Tokyo
☎ 0570-034259

**Makipag-ugnay sa**
Household Residents Registry Division
☎ 03-5744-1187  FAX 03-5744-1513

# Tungkol sa pagbabayad ng residence tax

Ang unang deadline para sa pagbabayad ng special city residence tax at metropolitan residence tax ay sa Hunyo 30. Mangyaring magbayad hanggang sa itinakdang panahon. Ang pangalawang deadline para pagbabayad ay sa Agosto 31. Mangyaring huwag kalimutang magbayad. Para sa konsultasyon tungkol sa pagbabayad, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.

**Makipag-ugnay sa**
Tax Payment Division
☎ 03-5744-1205
FAX 03-5744-1517

# Impormasyon tungkol sa tanggapan para sa konsultasyon tungkol sa edukasyon

- Tumutugon kami sa konsultasyon sa telepono o sa personal tungkol sa edukasyon, personalidad, mga problema sa pag-uugali o kapansanan sa pag-unlad ng inyong anak.
- Tumutugon kami sa konsultasyon sa telepono o sa personal tungkol sa problema sa pang-araw-araw na buhay ng inyong anak tulad ng "pang-aapi" at pakikipagkaibigan, kasama na rin ang mga problema sa pag-aaral o direksyong tatahakin nila.
- Depende sa sitwasyon ng inyong anak, maaari kaming bumisita sa inyong bahay at magbigay ng impormasyon tungkol sa welfare services atbp. at makipagtulungan sa mga kaugnay na organisasyon.

### Para kanino

- Mga bata/estudyante at kanilang magulang/ tagapag-alaga na naninirahan sa Ota City hanggang sa dulo ng compulsory education
- Mga bata/estudyante na nais dumalo sa adaptation guidance class na "Tsubasa"

### Araw at oras ng konsultasyon

Lunes-Biyernes 9:00 am-7:00 pm
Sabado at Linggo 9:00 am-5:00 pm
*Walang opisina tuwing pista opisyal at katapusan at simula ng taon



### Paano kumonsulta

- Mangyaring tumawag muna para sa aplikasyon at mag-iskedyul ng araw ng inyong pagpunta.
- Tumatanggap din kami ng konsultasyon sa telepono anumang oras.

*Mangyaring makipag-ugnay sa amin sa pamamagitan ng tulong ng taong nakakaintindi ng wikang Hapon. Gayundin, kung kailangan ng isang tagasalin, mangyaring maagang makipag-ugnay sa amin.

**Makipag-ugnay sa**
Education Center
Educational Consultation Office
☎ 03-5748-1201 FAX 03-5748-1390

# Tungkol sa pagbabakuna laban sa COVID-19

Nagsimula na ang pagbabakuna laban sa COVID-19. Nagpapadala kami ng coupon para sa bakuna sa mga karapat-dapat na mga tao ayon sa pagkasunod-sunod ayon sa prayoridad na binigay ng bansa.

### Lugar kung saan maaaring magpabakuna laban sa COVID-19

1. 9 na pasilidad sa Ota City (Exhibition Room sa Ota City Residents Hall (Aprico), Ota City Residents Plaza Gymnasium, Minemachi Meeting Room, Rokugo Community Activities Promotion Center Meeting Room, Ikegami Hall West Building, 4 na gusali ng pamahalaan)
2. Humigit-kumulang 200 na institusyong medikal para sa indibidwal na pagbabakuna (mga ospital o klinika)

### Paano Mag-apply

Maaaring magpareserba sa online o telepono. Mangyaring kumpirmahin ang website ng Ota City para sa mga detalye.

### Proseso ng pagbakuna

1. Matatanggap ang coupon para sa bakuna sa pamamagitan ng koreo
2. Magpareserba
3. Dalhin ang inyong coupon para sa bakuna, dokumento ng pagpapatunay ng pagkakakilanlan, palatanungan (na-fill up na), at pumunta sa venue ng pagbabakuna
4. Magpabakuna kung walang problema tulad ng pisikal na kondisyon

Ipapaalam ang mga detalye sa website ng Ota City.

**Makipag-ugnay sa**

**COVID-19 Vaccination Call Center**
Weekdays at Sabado 8:30 am-5:15 pm
☎ 03-6629-6342 FAX 03-5744-1574
**COVID-19 Vaccine Call Center(Ministry of Health, Labour and Welfare)**
☎ 0120-761770 Isinasagawa rin sa Sabado, Linggo at pista opisyal
Tumutugon sa wikang: Hapon, Ingles, Intsik, Korean, Portuguese, Espanyol 9:00 am-9:00 pm, Thai 9:00 am-6:00 pm, Vietnamese 10:00 am-7:00 pm

Website ng Ota City Tungkol sa pagtugon sa iba't ibang wika

Website ng Ota City Tungkol sa pagbabakuna laban sa COVID-19

# Serbisyo sa kaligtasan at seguridad ng mga residente

Magpapadala kami ng mga impormasyon sa email tungkol sa panahon, lindol at tsunami sa mga nagparehistro. Ito ang panahon kung kailan uulan nang husto. Magrehistro para kung sakaling may emerhensiya.

## Anong impormasyon ang maaaring matanggap?

**① Panahon**

Kapag nagpadala ng susunod na babala o espesyal na babala sa Ota City

*"Babala": Ipinapaalam sa lahat "Mapanganib! Mangyaring mag-ingat!"

Babala: Malakas na ulan, baha, bagyo, snowstorm, malakas na pag-ulan ng niyebe, alon, high tide

Espesyal na babala: Malakas na ulan, bagyo, snowstorm, malakas na pag-ulan ng niyebe, alon, high tide

**② Lindol**

Kapag may lindol na intensity 3 o higit pa sa Ota City

**③ Tsunami**

Kapag naghayag ng babala sa tsunami o babala sa malaking tsunami sa inner bay ng Tokyo Bay

## Paano makakarehistro?

**① Mangyaring magpadala ng blankong email (walang isusulat na anuman) sa sumusunod na email.**

| | |
|---|---|
| Ingles | kumin-en@anzen.city.ota.tokyo.jp |
| Intsik | kumin-ch@anzen.city.ota.tokyo.jp |
| Korean | kumin-ko@anzen.city.ota.tokyo.jp |
| Tagalog | kumin-ta@anzen.city.ota.tokyo.jp |

**② Mangyaring i-access ang URL na nakasulat sa nireply na email, at magrehistro ayon sa tagubilin sa screen.**

*Kapag hindi nakatanggap ng reply email pagkatapos magpadala ng blankong email

- Mangyaring i-set na maaaring makatanggap ng email mula sa domain na "anzen.city.ota.tokyo.jp".
- Mangyaring i-set upang maaaring makatanggap ng email na may URL.

**Mangyaring tingnan ang website ng Ota City para sa mga detalye.**

**Makipag-ugnay sa**

Disaster Preparation and Crisis Management Division
☎ 03-5744-1634　FAX 03-5744-1519
E-mail　bousai@city.ota.tokyo.jp

# "Ehon wo Todokeru Undo" workshop

Ito ay isang workshop kung saan ipinakikilala ang kapaligiran sa pagbabasa ng mga bata mula sa mga umuunlad na bansa at ang mga kasalukuyang sitwasyon ng mga umuunlad na bansa sa pamamagitan ng video, at maaaring aktwal na maranasan ang mga gawain ng paglakip ng mga sticker ng pagsasalin sa mga larawang-aklat ng Hapon at ipadala ang mga ito sa mga umuunlad na bansa. Ang kahit na sino ay maaaring lumahok kung sila ay may kakayahan sa pagbasa ng larawang-aklat ng Hapon sa wikang Hapon.

| | |
|---|---|
| Kailan | Hunyo 27, 2021 (Linggo) 2:00 pm-4:00 pm |
| Saan | Omori-Minami Library　Ikalawang palapag　Multipurpose na silid |
| Magkano | Libre |
| Ilang tao | Kapasidad 10 katao (reserbasyon) |
| Paano mag-apply | Sa telepono, FAX o library counter |

**Mag-apply (makipag-ugnay) sa**

Omori-Minami Library
☎ 03-3744-8411　FAX 03-3744-8421
〒143-0013　1-17-7 Omori-Minami, Ota-ku

Inisyu ng　Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-8621 5-chome-13-14 Kamata, Ota-ku　☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323